FILIPPINO

# CAPIRE LA SCUOLA

## informazioni plurilingui sul sistema scolastico in Italia

A cura del Gruppo di Lavoro Azione 3 Progetto *Oltre la Media - Comunità Educante*.

Progetto Oltre la Media Comunità Educante – Pr. n 2020-EDU-01996 az 3

Queste informazioni sono il frutto del lavoro realizzato nell'ambito del Progetto "Oltre la Media Comunità Educante", dagli operatori di Open Group, Aipi coop, Centro RiESco e da un team di insegnanti degli Istituti di Bologna. Si tratta di informazioni generali che descrivono il complesso mondo della scuola, cercando di rendere le indicazioni chiare ed accessibili per le famiglie non italofone. Per chiarimenti o dettagli potete rivolgervi alle insegnanti.

Si ringraziano in particolare le insegnanti:
Elena Vicinelli (IC 3), Adriana Tancorre e Chiara Barbieri (IC 4), Patrizia Farinella (IC 5), Angela Perna e Nunzia Pia Petrarca (IC 7), Roberta Baraccani (IC 8), Fernanda Italiano (IC 11), Maria Luisa Conti e Stefania Sanguanini (IC 14), Chiara Calderone (Istituto Belluzzi Fioravanti), Giovanni Nicotra (Istituto Malpighi).

Il Progetto Oltre la Media è coordinato da Open Group, in partenariato con Centro RIESco Comune di Bologna, Open formazione, AIPI Coop , ASP e IC 14.

Traduzioni a cura di:
Hajar Zarzouri (lingua araba), Liza Khanam (lingua bengalese), Mingshan Lee (lingua cinese), Damaris Fernando Taldo (lingua filippina), Arianna Cardinali (lingua francese), Valentina Schiavone (lingua inglese), Susana Beléndez (lingua spagnola), Pakeeza Mahmood (lingua urdu).

Coordinamento traduzioni:
Claudia Carafa e Marta Alaimo (Open group), Silvia Fiorani (Aipi Coop. Soc.).

Grafica e impaginazione:
Milena Zuppiroli (Open Group) e Susana Beléndez (Aipi Coop. Soc.).

Copyright © 2024 Comune di Bologna

*Tutti i contenuti e le informazioni presenti all'interno del sito del Comune di Bologna sono protetti ai sensi delle normative sul diritto d'autore, pertanto nulla, neppure in parte, potrà essere copiato, modificato o rivenduto per fini di lucro. Gli oggetti presenti in questo sito per lo scaricamento (download) quali ad esempio la modulistica sono liberamente e gratuitamente disponibili. Salvo ove diversamente indicato, i dati pubblicati sul presente sito sono messi a disposizione con licenza CC BY-NC 4.0, il cui testo integrale è disponibile al seguente indirizzo: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/legalcode. Questo significa che, ove non diversamente specificato, i contenuti di questo sito sono liberamente distribuibili e riutilizzabili per finalità non commerciali, a patto che sia sempre citata la fonte e riportato l'indirizzo web della pagina originale.*

Oltre la media

UN PROGETTO CON I BAMBINI — FONDO PER IL CONTRASTO DELLA POVERTÀ EDUCATIVA MINORILE

# INDICE


Come funziona il sistema scolastico in Italia?, Istruzione obbligatoria, Scuola primaria (6 - 11 anni).................................... P. 9

Iscrizione, Organizzazione e orari di funzionamento, Che cosa si studia........................................................................................ P. 10

La valutazione degli apprendimenti, Scuola secondaria di primo grado (dagli 11 ai 14 anni), Orari di funzionamento......... P. 11

Discipline di studio, Percorsi a indirizzo musicale, Valutazione degli apprendimenti................................................. P. 12

Esame di stato conclusivo del primo ciclo di istruzione, Scuola secondaria secondo grado (14 - 19 anni)........................ P. 13

I licei ........................................................................................... P. 14

Gli istituti tecnici, Settore economico......................................... P. 15

Settore tecnologico..................................................................... P. 16

Gli istituti professionali.............................................................. P. 17

Percorsi IeFP nella provincia di Bologna.................................... P. 18





OPEN group · Comune di Bologna · zerodiciotto · R!Esco · AIPI Cooperativa Sociale · OPEN Formazione · ASP Città di Bologna · Borgo Panigale Bologna

# PAG-UNAWA SA PAARALAN

## mga impormasyon sa iba’t-ibang wika tungkol sa sistema ng paaralan ng Italya

ng Gruppo di Lavoro Azione 3 *Oltre la Media - Comunità Educante*

Ang mga impormasyon na nakasaad sa akda na ito ay bunga ng isang pakikipagtulungan, sa ilalim ng proyekto “Oltre la Media Comunità Educante”, ng Open Group, Aipi Coop, Centro RiESco at ng isang pangkat ng mga guro ng iba’t-ibang institusyon ng Bologna. Ito ay mga pangkalahatang impormasyon na naglalarawan ng kumplikadong mundo ng paaralan na pinagsikapang gawing mas malinaw at abot sa pang-unawa ng mga pamilyang hindi italyano ang katutubong wika.

Isang pasasalamat lalo na sa mga sumusunod na mga guro: Elena Vicinelli (IC 3), Adriana Tancorre at Chiara Barbieri (IC 4), Patrizia Farinella (IC 5), Angela Perna at Nunzia Pia Petracca (IC 7), Roberta Baraccani (IC 8), Fernanda Italiano (IC 11) ), Maria Luisa Conti at Stefania Sanguanini (IC 14), Chiara Calderone (Istituto Belluzzi Fioravanti), Giovanni Nicotra (Istituto Malpighi).

Ang Proyekto Oltre la Media ay pinangunahan ng Open Group kasama ng Centro RIESco Comune di Bologna, Open formazione, AIPI Coop , ASP at IC 14.

## PAANO GUMAGANA ANG SISTEMA NG PAARALAN SA ITALYA?

Ang **sistema ng edukasyon** ay nag-aatas ng pagpasok sa paaralan mula anim hanggang labing-anim na taong gulang sa loob ng sampung magkakasunod na mga taon. Ang sistemang ito ay nakaayos ayon sa mga sumusunod:

- *preschool*/*kindergarten* para sa mga batang may edad na **3 hanggang 6 na taon**;
- mababang paaralan (paaralang elementarya o primarya), sumasaklaw ng 5 taon, obligado ang pagpasok para sa mga batang may edad na **6 hanggang 11 taon**;
- unang baitang ng paaralang sekundarya (*scuola media*), sumasaklaw ng 3 taon, obligado ang pagpasok para sa mga batang may edad na **11 hanggang 14 na taon**;
- pangalawang baitang ng paaralang sekundarya (*scuola superiore*) para sa mga mag-aaral na may edad na **14 hanggang 19 na taon**, sumasaklaw ng 5 taon kung saan ang nauunang 2 taon ay obligado ang pagpasok sa paaralan; maari ring magpatala o magpa-*enroll* sa mga institusyon na nag-aalok ng mga kursong teknikal, propesyonal, bokasyonal at pagsasanay na may tagal na 3 o 5 taon.

Obligado ang pagpasok sa paaralan hanggang sa edad na 16 na taon.

## ANG EDUKASYONG SAPILITAN O *OBLIGATORY*

Ang edukasyon ay itinuturing ng estadong Italyano na isang karapatang konstitusyonal para sa lahat ng mga mamamayan na naninirahan sa kanyang teritoryo. Ayon sa batas ng Estadong Italyano, ang pag-aaral ay isang tungkulin na kinakailangang gampanan mula 6 hanggang 16 na taong gulang sa loob ng 10 magkakasunod na mga taon.

Pinaaalalahanan namin kayo na ang pagpasok sa paaralan ay sapilitan at ang mga pagliban sa pagpasok ay kinakailangang bigyang-katwiran. Ang mga pagliban na walang katwiran o balidong dahilan ay dapat hindi lalampas sa 15 araw, kahit na hindi magkakasunod, sa loob ng 3 buwan. Kung lalampas sa limitasyon na ito, ipaparating ng paaralan sa Comune ng Bologna na ang mag-aaral ay hindi pumapasok at maaaring mahatawan ng mga parusang kriminal (halimbawa, pagkakulong) ang mga magulang o kung sinuman ang may legal na awtoridad sa bata.

## PAARALANG ELEMENTARYA/PRIMARYA (EDAD 6-11)

Obligado ang pagpasok sa paaralang elementarya o primarya at nagtatagal ito ng 5 taon.
Ang layunin ng paaralang elementarya ay ang pagpaunlad ng mga pangunahing kaalaman at ang pagpaunlad ng buong pagkatao.

Ang mga batang pumapasok sa paaralang elementarya ay may pagkakataong linangin ang mga dimensyong kognitibo/kamalayan, emosyonal, pakiki-ugnay/pakiramdam, sosyal, pangkatawan, etika at relihiyon. Sa pamamagitan ng iba't-ibang asignatura, ang paaralang elementarya ay nagbibigay-daan sa paglinang ng manimdim at kritikal na pag-iisip na kinakailangan sa paghubog ng mga mamayang may kamalayan at may pananagutan.

Bahagi ng pambansang sistema ng edukasyon ang mga paaralang elementaryang pampubliko at pribado.

**Pagpapatala o pag-*enroll***
Ang pagpasok sa paaralang elementarya ay sapilitan para sa lahat ng mga batang matatagpuan sa pambansang teritoryo, anuman ang pagkamamamayan o *citizenship*, na may edad na 6 na taon.
Maaari ring ipatala sa mababang paaralan, sa kahilingan ng mga pamilya, ang mga batang may 5 taong gulang sa kondisyon na hahantong sa anim na taong gulang bago mag 30 ng Abril o sa ika-30 ng Abril ng taong panuruan (*school year*) na tinutukoy: sa kasong ito, humingi ng payo sa mga guro ng bata sa preschool o kindergarten upang malaman kung ano ang pinakamabuting desisyon para sa mag-aaral.

Ang pagpapatala sa mga pampublikong paaralang elementarya ay isinasagawa online sa website ng Ministero dell'Istruzione sa pamamagitan ng UNICA platform, sa webpage https://unica.istruzione.gov.it/it/orientamento/iscrizioni.

Ang pagpapatala ay karaniwang isinasagawa sa buwan ng Enero, bago magsimula ang taong panuruan sa Septiyembre. Ang pagpapatala ay ginagawa sa katapusan ng bawat siklo (pagkatapos ng pag-aaral sa preschool/kindergarten para lumipat sa paaralang elementarya, pagkatapos ng pag-aaral sa paaralang elementarya para makapagpatuloy sa paaralang sekundarya-unang baitang (*scuola media),* pagkatapos ng pag-aaral sa paaralang sekundarya - unang baitang (*scuola media)* para lumipat sa paaralang sekundarya-pangalawang baitang (*scuola superiore*).

**Para sa pagpapatala, kinakailangan ang isang digital ID (SPID o CIE).**
**Para magkaroon ng digital ID, konsultahin ang**
**https://identitadigitale.gov.it/**

Kung walang SPID, maaring pumunta ng personal sa paaralang pinili.

**Organisasyon at oras ng pag-aaral**
Ang lingguhang talaorasan o *timetable* ng mga leksiyon sa paaralang elementarya ay magkakaiba. Dalawang uri ng organisayon ang nangingibabaw. Sa pormularyo ng pagpapatala o *enrollment form* may isang parte kung saan maaring ipahiwatig kung ano ang mas matimbang sa dalawang uri ng organisasyon:

1. pag-aaral ng 40 na oras kada linggo (*full time*). Ang mga leksiyon ay isinasagawa sa umaga at sa hapon sa loob ng 5 araw mula Lunes hanggang Biyernes.
2. pag-aaral gamit ang paraang modyul na may mga leksiyon lamang sa umaga at ilang hapon sa isang linggo (2 o 3 hapon) mula Lunes hanggang Biyernes.

**Ano ang mga pag-aaralan**
Ang paaralang elementarya ay nag-aalok ng mga sumusunod na asignatura:
- Italyano
- Wikang ingles
- Kasaysayan

- Heograpiya
- Matematika
- Mga Agham
- Musika
- Sining at Imahe
- Edukasyong Pangkatawan
- Teknolohiya
- Sibika

Sa mga pamilyang nagnanais na isama ang asignaturang Relihiyong Katoliko sa pag-aaralan ng mga anak nila, may 2 oras na nakalaan sa pagtuturo nito bawat linggo. Maari ring hilingin ng pamilya ang hindi pagsama ng Relihiyong Katoliko sa mga asignaturang ituturo sa kanilang mga anak.

### Ang pagsusuri ng pagkatuto

Para sa bawat mag-aaral, ang paaralang elementarya ay nagtatalaga ng isang paghatol na naglalarawan ng antas ng pagkamit ng mga layunin ng pagkatuto sa bawat asignatura na nakaplanong talakayin,
Ang mga paghahatol na ito ay nakasulat sa isang **Dokumento ng pagsusuri o report card (*Documento di valutazione*)** kung saan nakasaad din, maliban pa sa antas na nakamit, ang paglalarawan ng antas ng pagkatuto at isang buod ng paghatol tungkol sa pag-uugali at kilos ng bata.
Ang Dokumento ng pagsusuri ay nakalathala ng dalawang beses sa isang taon: pagkatapos ng unang periyodo, bandang buwan ng Pebrero, at sa katapusan ng taong panuruan na nahuhulog sa buwan ng Hunyo. Sa dokumento ng pagsusuri na nakalathala sa Hunyo, may nakasulat na AMMISSIONE (NAKAPASA)/NON AMMISSIONE (HINDI NAKAPASA) para sa susunod na baitang. Kailangang ulitin ng mag-aaral na hindi nakapasa ang taong panuruan.

## PAARALANG SEKUNDARYA - UNANG BAITANG/SCUOLA MEDIA (EDAD 11-14 )

Ang unang baitang ng paaralang sekundarya *(scuola media*) ay nagtatagal ng 3 taon. Sa hakbang na ito ng edukasyon, karagdagang pinapalakas at pinapatatag ang pagkatuto sa bawat asignatura at itinataguyod ang mas malawak na kaalaman, hinihikayat ang sarilinang pag-aaral at ang kakayahang makipag-ugnayan sa kapwa, itinataguyod ang kamalayan tungkol sa pansariling kakayahan ng mag-aaral upang mahimok ito sa pagbuo ng kanyang mga minimithi sa buhay; itinataguyod ang mga kaalaman hinggil sa agham pangkompyuter at ng dalawang wikang banyaga - ang wikang Ingles at isa pang wikang banyaga.

### Oras ng Pag-aaral

Ang obligado na bilang ng oras ng pag-aaral sa buong taon ng panuruan ay 30 oras kada-linggo, mula alas 8:00 ng umaga hanggang ala-1 ng hapon (para sa mga klase na may pasok mula Lunes hanggang Sabado) o mula alas 8:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon (para sa mga klase na may pasok mula Lunes hanggang Biyernes).

Sa iilang paaralan, ang oras ng pag-aaral ay mas mahaba, mula 36 hanggang 40 oras kada-linggo. Ang posibilidad na ito ay nakasaad sa *online* na *enrollment form*.

### Mga asignaturang pag-aaralan

Ang mga asignaturang obligadong tatalakayin ng mga mag-aaral ng paaralang sekundaryo-unang baitang/*scuola media* ay ang mga sumusunod:

- Italyano
- Wikang ingles at isang wika ng komunidad europeo
- Kasaysayan
- Heograpiya
- Matematika
- Mga Agham
- Musika
- Sining at Imahe
- Edukasyong Pangkatawan
- Teknolohiya
- Sibika

Sa mga pamilyang nagnanais na isama ang asignaturang Relihiyong Katoliko sa pag-aaralan ng mga anak nila, mayroong 1 oras na nakatuon sa pagtuturo bawat linggo. Maari ring hilingin ng pamilya ang hindi pagsama ng Relihiyong Katoliko sa mga asignaturang ituturo sa kanilang mga anak.

### Mga kurso sa musika

May mga paaralan na maaring mag-alok ng mga kursong may kinalaman sa musika. Idinadagdag sa mga tradisyonal na asignatura, ang pag-aaral ng pagtugtog ng isang instrumento at ng iba pang mga aspeto ng musika.

Upang makapasok sa mga kurso sa musika, kailangang hilingin ito ng pamilya sa panahon ng pag-*enroll*. Pagkatapos maisagawa ang aplikasyon, tatawagan ang mag-aaral para pumasailalim sa isang awdisyon upang suriin ang kanyang kakayahan at patnubayan sa pagpili ng aaraling instrumento na kabilang sa 4 na kursong pagpipilian na inaalok ng paaralan. Limitado ang bilang ng mga estudyante ng bawat kurso kaya nakabatay rin ang pagpasok sa limitasyong ito.
May karagdagang 3 oras ng pag-aaral kada-linggo para sa mga gawain o *activities* na may kaugnayan sa pag-aaral ng instrumento, indibidwal man o grupo. Ang pagtuturo ng instrumento ay bahagi ng oras ng pag-aaral ng taong panuruan. Obligado ang pagpasok sa mga oras ng leksiyon para sa estudyante na nakatala o naka-enroll sa kursong ito at kasali din ito sa pana-panahon at pangwakas na pagsusuri.

### Ang pagsusuri ng pagkatuto

Ang paraan ng pagmamarka o *grading system* sa paaralang sekundarya-unang baitang (*scuola media*) ay nakabatay sa sistemang *10-point scale*. May kasamang paglalarawan ang marka upang ipaalam kung ano ang pangkalahatang antas ng pagkatuto. Ang mag-aaral ay nakapasa kung ang marka niya ay 6. Ang pinakamataas na marka ay 10.

Ang asal ng mag-aaral ay sinusuri din sa pamamagitan ng isang buod na nakasulat sa dokumento ng pagsusuri o *report card (Documento di valutazione)*.

Ang Dokumento ng pagsusuri ay nakalathala ng dalawang beses sa isang taon: pagkatapos ng unang periyodo, bandang buwan ng Pebrero, at sa katapusan ng taong panuruan na nahuhulog sa buwan ng Hunyo. Sa dokumento ng pagsusuri na nakalathala sa Hunyo, may nakasulat na AMMISSIONE (NAKAPASA) / NON AMMISSIONE (HINDI NAKAPASA) para sa susunod na baitang. Kailangang ulitin ng mag-aaral na hindi nakapasa ang taong panuruan.

Ang dokumento ng pagsusuri o report card ay ilalathala sa isang rehistrong elektroniko na mabubuksan lamang sa pamamagitan ng SPID.

### Pangwakas na eksamen ng estado sa katapusan ng unang siklo ng pag-aaral

Sa pagtatapos ng pangatlong taon ng paaralang sekundarya-unang baitang (*scuola media*), ang mag-aaral ay kailangang sumailalim sa isang eksamen ng estado.

Ang mga mag-aaral na maaring pumasailalim sa pagsusulit na ito ay yaong nakatugon ng hindi bababa sa 75% ng kabuuang obligadong oras ng pagpasok sa paaralan at yaong mga pumasa sa pambansang pagsusulit ng wikang Italyano, matematika at ingles.

Ang eksamen ay binubuo ng 3 nakasulat na pagsusulit (Italyano, Matematika, Ingles at pangalawang wikang banyaga na europeo) na ginaganap sa 3 magkakaibang araw at isang pasalitang panayam o *oral interview* upang masukat ang antas ng pagkamit ng mga kaalaman, kakayahan at kasanayan na nakasaad sa pangwakas na salaysay *o report* tungkol sa mag-aaral matapos ang taong punuruan. Para sa mga mag-aaral na nakatala din sa mga kurso ng musika, ang panayam na multidisiplinaryo ay may kasamang pagsusulit sa pagtugtog ng instrumento.

## PAARALANG SEKUNDARYA- PANGALAWANG BAITANG/SCUOLA SUPERIORE (EDAD 14-19)

Matapos makapasa sa paaralang sekundarya – unang baitang (*scuola media*), sisimulan naman ngayon ng mag-aaral ang pagpasok sa paaralang sekundarya ng pangalawang baitang (*scuola superiore*). Ang pagpili ng uri ng paaralan ay isinasagawa sa panahon ng pagpapatala o pag-enroll na kailangang isumite sa buwan ng Enero (habang ang mag-aaral ay nasa ika-tatlong taon sa paaralang sekundarya-unang baitang/*scuola media*), sa pamamagitan ng pagpapatala online sa website ng Ministero (MIUR). Ang mag-aaral at ang pamilya ay pipili kung anong uri ng paaralan ang papasukan: mga Liseo, Institusyong Tekniko at Propesyonal.

Sa pangatlong taon ng *scuola media*, ang paaralan ay nagsasagawa ng mga *orientation sessions* na naglalayong magabayan ang mag-aaral sa pagpili ng paaralan at mapayuhan din ang mga pamilya batay sa kakayahan at katangian ng mag-aaral.

Ang paaralang sekundarya-pangalawang baitang *(scuola superiore*) ay nagtatapos sa isang Eksamen ng Estado, kung saan sinusuri ang mga kaalamang natamo sa mga taon ng pag-aaral. Ang mag-aaral ay kailangang pumasailalim sa mga pagsusulit na nakasulat at pagsusulit na pasalita o *oral*. Pagtakapos ng eksamen, makakamit ng estudyante ang isang diploma, isang titulo

na nagpapatunay sa tagumpay na natamo sa pag-aaral, na siyang nagbibigay-daan sa pagpapatuloy ng edukasyon sa isang pamantasan o pagpasok sa ilang propesyon o hanapbuhay.

## ANG MGA LISEO

Ang mga liseo ay nakatuon sa pagkamit ng isang diploma ng edukasyon sa scuola superiore na may layong ihanda ang isang estudyante sa pagpapatuloy ng pag-aaral sa isang pamantasan o unibersidad sa halip na ihanda ito para matuto ng isang propesyon o hanapbuhay.

Ang liseo ang magkakaloob sa estudyante ng mga pamamaraang kultural at metodolohikal para sa isang malalim na pag-unawa sa tunay na buhay at nang magkaroon ito ng saloobing makatuwiran, malikhain, mapamaraan o mapag-imbento at mapanuring pag-unawa, sa harap ng iba't-ibang uri ng sitwasyon, pangyayari at problema, at gayundin, makamtan nito ang mga kakayahang alinsunod sa pansariling kapasidad at kagustuhan na sapat para sa pagpapatuloy ng pag-aaral nito sa pamantasan. Ang tagal ng pag-aaral sa liseo ay 5 taon.

### 1. Liseong pang-Sining

Pagkatapos ng 2 taon ng mga araling panimula, ang susunod na mga hakbang ay inuukol sa mas malalim na pag-aaral ng mga kurso o disiplinang pang-Sining na nakatuon sa araling Arkitektura, Figurative Arts, Multimedya, Disenyo at Grapiko.
*Liceo Arcangeli*

### 2. Liseong Klasiko

Pinapalalim ang pag-aaral ng mga kursong humanidades tulad ng Italyano, Kasaysayan at Pilosopiya, at inaalok din ang pag-aaral ng wikang Greko maliban pa sa wikang Latino.
*Liceo Minghetti;* Liceo Galvani;

### 3. Liseong Linggwistika

Pinag-aaralan ang karagdagang dalawang wikang banyaga maliban pa sa Ingles at tinitiyak ang pagtuturo ng mga panimulang edukasyon ukol sa mga asignaturang pang-Agham at lalo na sa mga asignaturang humanidades.
Liceo Galvani; Liceo Laura Bassi, Liceo Righi; Liceo Copernico; IIS Ettore Majorana, IIS Archimede; IIS Montessori- Da Vinci.

### 4. Liseong pang-Musika at Choreutics

Maliban pa sa mga asignaturang pangkariniwang itinuturo sa isang liseo, pinapalalim ang pag-aaral ng mga kursong may kinalaman sa musika o may kinalaman sa pag-aaral ng iba't-ibang uri ng galaw, teorya at praktikal, lalo na sa klasikal at modernong sayaw.
Liceo Laura Bassi,

### 5. Liseong pang-Agham

Pinapalalim ang pag-aaral ng mga asignaturang pang-agham lalo na ang Matematika, Pisika at iba pang sangay ng agham, pinapanatili, gayunpaman, ang mataas na antas ng pagtatalakay ng mga asignaturang umanistiko na Italyano at Latino.
Liceo Galvani; Liceo Righi; Liceo Sabin; Liceo Copernico; IIS Archimede, IIS Giordano Bruno, IIS Keynes, IIS Caduti della Direttissima; IIS Montessori- Da Vinci.

**6. Liseong pang-Agham opsyong "applied sciences"**
Pinapanatili ang balangkas ng liseong pang-agham ngunit ang pamamaraan ay mas praktikal, pinapatibay ang pag-aaral ng mga agham, idinagdag ang Informatics sa mga asignaturang itinuturo pero binawas ang asignaturang Latino.
Liceo Righi; Liceo Sabin; Liceo Copernico; IIS Giordano Bruno, IIS Keynes, IIS Alberghetti Liceo Sabin

**7. Liseong pang-Humanidades**
Nakatuon sa isang edukasyong umanistiko kung saan binibigyan ng partikular na pansin ang interpersonal at pang-edukasyon na pakikipag-ugnayan, mga iba't-ibang anyo ng buhay panlipunan,
ang pangangalaga ng kabutihang panlahat at mga anyong pang-institusyon sa larangan ng sosyo-edukasyon.
Liceo Laura Bassi, Liceo Sabin; IIS Rosa Luxemburg; IIS Montessori- Da Vinci

**8. Liseong pang-Humanidades opsyong pang-ekonomiya-panlipunan**
Nakatuon sa pag-aaral na umanistiko at kalakip ang mga asignaturang Sikolohiya, Sining ng Pagtuturo, Sosyolohiya at Antroplohiya bilang kapalit ng asignaturang Latino.
Liceo Laura Bassi, Liceo Sabin; IIS Rosa Luxemburg; IIS Giordano Bruno, IIS Keynes, IIS Montessori- Da Vinci

## ANG MGA INSTITUSYONG TEKNIKO

Ang mga institusyong tekniko ay nag-aalok ng mga kursong may kinalaman sa mga pangunahing sektor ng ekonomiya at ng merkado ng trabaho. Taglay ang isang diploma ng isang instituto tekniko, may dalawang opsyong pagpipilian ang mag-aaral - ipagpatuloy ba ang pag-aaral sa unibersidad at kunin, lalo na, ang mga kursong Agham, Teknolohiya at Ekonomiya, o pumasok sa mundo ng trabaho at magsimulang maghanapbuhay. Ito ay posible dahil ang mga insitusyong tekniko ay naglalayon ring maihanda ang mga mag-aaral na maging mga dalubhasang tekniko na mapapabilang sa mga sektor ng merkado ng paggawa na may kaugnayan sa kanilang pinag-aralan at dahil na rin sa sistemang salit-salit (o *alternation)* na panahon ng pagsasanay sa mga ng paaralan at sa mga aktuwal na lugar ng trabaho ng mga kaakibat na mga kompanya o industriya.
Pagkatapos ng 5 taon na pag-aaral, ang mga estudyante ay papasailalim sa isang Eksamen ng Estado at makakatanggap ng isang diploma ng paaralang sekundarya-pangalawang baitang (scuola superiore).
Ang mga institusyong tekniko ay may dalawang sektor – ekonomiko at teknolohiko at nakahati sa 11 kurso:

### SEKTOR NG EKONOMIYA

**1. Kurso ng Administrasyon, Pananalapi at Marketing**: nilalayon ng kursong ito na linangin ang mga kakayahan at kaalaman sa proseso ng produksyon at promosyon, na maranasan at maiharap ang mga mag-aaral sa realidad ng mga korporasyon o kompanya, seguro (o insurance) at usaping pinansyal.
IIS Crescenzi- Pacinotti - Sirani; IIS Manfredi Tanari; IIS Salvemini; IIS Rosa Luxemburg; IIS Archimede; IIS Giordano Bruno;IIS Keynes, IIS Caduti della Direttissima.

**2. Kurso ng Turismo:** nilalayon ng kursong ito na linangin ang mga kakayahan at kaalamang angkop sa sektor ng serbisyong pang-turismo, matutunan ang pagpapahalaga sa mga pamanang sining at pook, ipagbunyi ang pagkatangi-tangi ng iba't-ibang teritoryo.
IIS Manfredi Tanari; IIS Rosa Luxemburg; IIS Bartolomeo Scappi

**SEKTOR NG TEKNOLOHIYA**

**1. Kurso ng Mekanika, Mechatronics, at Enerhiya**: ang layunin ng kursong ito ay maghubog ng mga propesyonal na may kakayahang gumawa ng plano at bumuo ng mga sistemang mekanikal at *electromechanical* (o hinggil sa mga kagamitang mekanikal na pinapatakbo ng kuryente).
IIS Belluzzi Fioravanti; IIS Aldini Valeriani; *IIS Ettore Majorana*; IIS Alberghetti; IIS Montessori- Da Vinci.

**2. Kurso ng Lohistika at Transportasyon**: binibigyang-daan ng kursong ito ang isang malalim na pag-aaral ng larangan ng transportasyon, paggawa ng plano o disenyo at pagpapatakbo ng mga sistema ng transportasyong pandagat, panglupa at panghimpapawid.
IIS Belluzzi Fioravanti

**3. Kurso ng Elektronika at Electrotechnics**: itinuturo kung paano unawain ang larangan ng elektronika, ang paggamit ng robotics sa proseso ng produksyon at awtomasyong pang-industriya.
IIS Belluzzi Fioravanti; IIS Aldini-Valeriani *IIS Ettore Majorana*; IIS Archimede; IIS Giordano Bruno; IIS Alberghetti

**4. Kurso ng Informatics at Telekomunikasyon**: para makapasok sa mundo ng komunikasyon at ng informatics at maunawaan ang mga alintuntunin na namamahala nito at ang mga teknolohiya na ginagamit.
IIS Belluzzi Fioravanti; IIS Aldini Valeriani; IIS Alberghetti; IIS Montessori- Da Vinci

**5. Kurso ng Grapika at Komunikasyon**: upang maging bahagi ng mundo ng komunikasyon, personal at pang-masa, at maintindihan kung paano ito umuunlad sa pamamagitan ng grapika, mga wika ng *multimedia* at mga bagong teknolohiya.
IIS Aldini-Valeriani

**6. Kurso ng Kimika, Materyales at Bioteknolohiya**: upang matutunan ang pangagasiwa ng mga prosesong kemikal-biyolohikal na maaaring gamitin sa mga sektor ng pananaliksik, parmasyutiko, pagkain, pangkapaligiran, pagtitina at pagtrato ng mga katad o *leather*.
IIS Belluzzi Fioravanti; IIS Ettore Majorana; IIS Scarabelli-Ghini

**7. Kurso ng Sistema ng Moda**: hinahanda ang mga propesyonal sa sektor ng moda na makaisip/makadisenyo, makaplano, makagawa at maitanghal ang mga produktong tela o hinabi, kasuotan at sapatos.
IIS Malpighi.

**8. Kurso ng Agrikultura, Agri-food at Industriya ng Agrikultura**: itinuturo ang mga paraan ng pamamahala ng mga proseso ng produksyon at transpormasyon ng mga ani o produkto ng

agrikultura, agri-food at industriya ng agrikultura na pinagtatambal ang tradisyon at makabagong teknolohiya.
IIS Serpieri; IIS Scarabelli-Ghini.

**9. Kurso ng Konstruksyon, Kapaligiran at Teritoryo**: hinahanda ang sinumang nagnanais pumasok sa larangan ng konstruksyon at ang iba't-ibang proseso na may kinalaman dito, pangagalaga sa kapaligiran at kaligtasan sa mga lugar ng trabaho.
IIS Crescenzi- Pacinotti - Sirani; IIS Keynes, IIS Archimede.

## MGA PAARALANG PROPESYONAL/BOKASYONAL

Ang mga paaralang propesyonal/bokasyonal sa Italya ay nag-aalok ng 11 kurso, isang bagong modelo ng organisasyon ng pagtuturo kung saan binibigyan ng karagdagang pagpapahalaga ang mga gawain sa laboratoryo. Hinuhubog ng mga paaralang ito ang mga estudyante sa larangan ng *arts and crafts* at mga propesyon. Ang mga institusyong ito ay nakatuon sa paglinang ng mga kaalaman at kakayahan na kapaki-pakinabang sa merkado ng trabaho, kung saan ang laboratoryo-praktikal na aspekto ng pag-aaral ay mas binibigyan ng diin kaysa sa aspektong teorya. Ang programa ng pag-aaral ay nahahati sa dalawang peryodo – 2 taon na *unitary* o kumpleto at 3 taon na nakatuon sa pagpapalalim ng edukasyon ng estudyante ayon sa mga asignaturang espesipiko sa kursong piniling pag-aralan. Ang mga paaralang propesyonal/bokasyonal sa Italya ay may 11 kurso:

**1. Kurso ng Agrikultura, kaunlaran ng mga lugar na rural, pagpapahalaga sa mga produkto ng teritoryo at pamamahala ng mga kayamanang gubat at bukid**
IIS Serpieri; IIS Scarabelli-Ghini;

**2. Kurso ng komersyal na Pangingisda at produksyon ng isda at iba pang uri nito** (bagong kurso)

**3. Kurso ng Industriya at craftsmanship para sa Made in Italy**
IIS Aldini-Valeriani; IPSAS Aldrovandi Rubbiani; IIS Belluzzi Fioravanti; IIS Alberghetti;

**4. Kurso ng teknikal Maintenance at assistance**
IIS Belluzzi Fioravanti; IIS Aldini-Valeriani; IIS Malpighi; IIS Giordano Bruno, IIS Alberghetti, IIS Caduti della Direttissima;

**5. Kurso ng Pamamahala ng tubig (water management) at rehabilitasyon ng kapaligiran** (bagong kurso)
IIS Serpieri;

**6. Kurso ng Serbisyong komersyal**
IPSAS Aldrovandi Rubbiani e IIS Manfredi Tanari; IIS Giordano Bruno; IIS Paolini-Cassiano da Imola; IIS Fantini;

**7. Kurso ng Enogastronomy (pagkain at bino) at hotel hospitality**
IPSAR Veronelli, IIS Bartolomeo Scappi; IIS Montessori- Da Vinci;

**8. Kurso ng Serbisyong pang-kultura at palabas** (bagong kurso)

**9. Kurso ng Serbisyo para sa sektor ng kalusugan at tulong panlipunan**
IIS Crescenzi- Pacinotti - Sirani; IIS Paolini-Cassiano da Imola;

**10. Kurso ng Kaalyadong propesyon sa kalusugan (allied health professions): dental technician**
IIS Malpighi;

**11. Kurso ng Kaalyadong propesyon sa kalusuguan (allied health professions): optician** (kursong hindi inaalok ng teritoryo)

Ang ilang mga Paaralang Propesyonal/Bokasyonal at institusyon ng pagsasanay ay nagbibigay ng pagkakataon na tuntunin ang isang kwalipikasyong makukuha sa tatlo o apat na taon, tipong IeFP, na tanggap o balido sa buong bansa. Ang mga kurso ng IeFP ay naka-programa batay sa mga pangangailangang propesyonal at pagsasanay ng iba't-ibang teritoryo upang ipagkaloob sa mga estudyante ang mga sapat na kakayahang katambal sa mga pangangailangan ng sektor ng pangangalakal ng teritoryo, para sa ganitong paraan, mapabilis ang kanilang paghahanap ng trabaho.

**Ang mga kursong IeFP sa Probinsiya ng Bologna**

- **Administratibo-secretarial operator** - Bologna, San Giovanni in Persiceto
- **Operator ng Agrikultura** - Sasso Marconi, Loiano
- **Operator sa pagbebenta** - Bologna, Imola
- **Operator ng catering** - Castel San Pietro Terme, Crespellano di Valsamoggia
- **Operator ng turismo hinggil sa promosyon at pagtanggap** - Castel San Pietro Terme
- **Operator ng pagproseso ng mga produkto ng agri-food** - Sasso Marconi, Loiano
- ***Operator ng graphics at paglimbag*** - Bologna (Via Jacopo della Quercia, 1, Via Bassanelli 9/11)
- **Operator ng sistemang elektrikal** - Bologna, Crevalcore, Imola
- **Mekanikal operator** - Bologna (via G.D. Cassini 3, Via Bassanelli 9/11, Via Jacopo della Quercia, 1) Crevalcore, Imola
- **Operator ng mechatronics (hinggil sa pagkukumpuni ng mga awto)** - Bologna
- **Tekniko ng pagawaan ng gatas** - Sasso Marconi, Loiano
- **Tekniko ng pagproseso ng mga gulay at prutas** - Sasso Marconi, Loiano

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga **Institusyon ng paaralang sekundarya-pangalawang baitang/*scuola superiore*** (mga Liseo, Institusyong Tekniko at Institusyong Propesyonal), bisitahin lamang ang mga sumusunod na websites:

https://guidascuolesuperiori.cittametropolitana.bo.it/https://tinyurl.com/bdyv4p7r

https://tinyurl.com/bdyv4p7r